## ANO ANG ISANG KAYOTE?

Ang mga kayote ay maliliit na parang ligaw na aso, karaniwang tumitimbang ng 30 hanggang 40 libra. Ang kanilang balahibo ay nag-iiba-iba ang kulay mula blonde hanggang pula at kayumanggi.

Ang Eastern na Kayote ay karaniwan sa mga urban na lugar sa buong North America kabilang ang Brampton.

Ang nakakaangkop na mga hayop na ito ay nabubuhay sa mga rural na lugar kabilang ang mga bangin, lambak at makahoy na mga lugar sa malalaking lungsod tulad ng Brampton. Hindi nagha-hibernate o nagiging hindi aktibo ang mga ito kaya maaaring makikita sa buong taon.

Karaniwang mahiyain ang mga kayote at hindi nanghahamon ngunit maaaring mausisa ang mga ito.

Ang mga kayote ay umiiyak, umaalulong at tumatahol upang kumustahin ang isa't isa, depensahan ang teritoryo, hanapin ang kapamilya, magdiwang at balaan ang isa't isa kaugnay ng panganib. Kung naririnig mo ang mga kayote na nag-uusap, panatilihin ang iyong distansya at igalang ang kanilang espasyo.

## MGA KAYOTE SA ATING KOMUNIDAD

Ang mga kayote ay mahalagang mga miyembro ng isang diverse na ecosystem at umaambag sa isang kinakailangan at nakalulusog na balanseng sinisila-maninila (prey-predator). Kapag naiiwang mag-isa, nakikinabang tayo nang malaki mula sa kanilang mga gawain, gayunpaman, ang sigalot ng tao-kayote ay maaaring lilitaw kapag sadyang pinapakain natin sila o hindi sinasadyang lumilikha ng mga pagkakataon para sa pagkain sa ating Lungsod. Oportunista ang mga kayote at kukunin nila ang mga pagmumulan ng pagkain na nakahanda na, kaysa maghahanap pa sila mismo.





**City of Brampton Animal Services**

475 Chrysler Drive
905.458.5800
**www.brampton.ca/animalservices**

Para sa karagdagang impormasyon sa pamumuhay kasama ang mga kayote, pakikontak ang:

Ministry of Natural Resources and Forestry

**1.800.667.1940**
**www.ontario.ca/mnrf**

Coyote Watch Canada

**905.931.2610**
**www.coyotewatchcanada.com**

311

BRAMPTON

Tagalog

City of Brampton
**Animal Services**



# Pamumuhay Kasama ang mga Kayote sa SPRING at SUMMER

BRAMPTON

Tagalog

## ANG SPRING AT SUMMER AY PANAHON NG PANGANGANAK

### ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang panahon ng panganganak ng kayote ay sa pagitan ng Abril hanggang Hulyo.  Ito ang panahon ng pagtatalik ng mga kayote at paglikha ng tirahan upang palakihin ang mga tuta ng mga ito.

Mas nakikita at aktibo ang mga kayote sa panahong ito dahil pinoprotektahan nila ang mga lugar na kanilang tinitirhan.

### ANO ANG GAGAWIN KUNG MAY ISANG LUNGGA NG KAYOTE SA INYONG LUGAR

- Pag-isipan ang pagbago sa ruta ng iyong paglakad-lakad sa loob ng ilang linggo habang maliliit pa ang mga tuta. Sa kalaunan aalis din ang mga kayote sa kanilang lungga.
- Huwag lapitan ang mga kayote, mga lungga o ang mga tuta, kahit na mukhang iniwanan ang mga ito ng mga magulang.
- Huwag huminto sa labas ng lungga o lumapit dito.
- Panatilihing nakatali ang iyong aso at malayo mula sa lugar na iyon.
- Huwag hayaan ang iyong aso na lumapit, humabol o makipaglaro sa isang kayote, kahit na mukhang palakaibigan ang kayote. Ang pagpapaparaya sa mga aso na kaibiganin o iharas ang isang kayote ay nagpapabago lamang sa likas na asal nitong normal na mahiyaing hayop.

### ANO PA ANG MAGAGAWA KO?

- Magsumite ng impormasyon online na nakakita ka ng kayote sa brampton.ca/coyotes upang ipaalam sa Lungsod at mga residente kung aling mga lugar ang madalas na nakikitaan ng mga kayote.
- Upang magsumite ng isang service request hinggil sa pagkain na iniiwanan o mga property na may mahahabang damo, tumawag sa 311.
- Makipag-ugnayan sa 311 kung makakakita ka ng isang kayote na pinaniniwalaan mong may-sakit o nasaktan
- Maging may-alam at ismarte sa kayote!

## ANO ANG GAGAWIN KUNG SUMUSUNOD O LUMALAPIT SA IYO ANG ISANG KAYOTE:

- **HUMNTO.** Kargahin ang mga bata o ang maliliit na alagang hayop kung kailangan.
- **HUWAG GUMALAW.** Huwag na huwag tumakbo mula sa isang kayote.
- **PALAKIHIN ANG IYONG SARILI.** Magmukhang agresibo, tumayo, iwagayway ang iyong mga kamay. Ang nakakagulat, agaran at agresibong mga kilos ay ang pinaka-umeepekto.
- **MAGING MAINGAY AT MAGIIT.** Sumigaw, iindak ang iyong mga paa o ipalakpak ang iyong mga kamay. Magdala ng pampaingay (hal. pito, plastic bag o payong upang makagawa ng pumutok na ingay).
- **LUMABAN.** Itapon ang ilang stick o bato sa pangkalahatang kinaroroonan ng kayote upang takutin at pigilan. Huwag itong direktang ihagis sa kayote.
- **DAHAN-DAHANG UMATRAS.** Panatilihin ang kontak ng mata at tandaan na huwag na huwag tumakbo.

Ibahagi at ituro ito sa mga miyembro ng iyong pamilya upang alam nila kung paano ligtas na mag-react sa iyang kayote.

Sa kaganapan na ang isang kayote ay nagpapakita ng agarang panganib sa kaligtasan ng publiko, tawagan ang 911.



## MGA MADALAS ITANONG

### BAKIT HINDI ILILIPAT NG LUNGSOD ANG MGA KAYOTE?

Ang paglipat o pagpatay sa mga kayote ay hindi isang opsyon, labis na napakahirap ang paghuli ng isang kayote at isang pansamantalang paraan. Kung tinatanggal ang isang kayote, hahantong ito sa paglipat ng iba papunta sa lugar. Hindi pinapayagan ang paghuli at paglipat sa mga kayote nang higit sa isang kilometro ang layo, sa ilalim ng Fish and Wildlife Conservation Act ng Ontario.

### BAKIT AKTIBO ANG KAYOTE AT SUMUSUNOD SA AKIN?

Mausisa ang mga kayote at alam ang nagaganap sa kanilang teritoryo. Maaaring bantayan, samahan, o susundan ng isang kayote ang mga panauhin upang matiyak na aalis ang mga ito sa lugar at hindi banta sa kanyang pamilya.

### MGA ASO AT MGA KAYOTE

Ang karamihan sa mga sitwasyon sa pagitan ng mga kayote at aso ay nagaganap kapag ang mga aso ay walang tali o mukhang walang tali. Subaybayan ang iyong aso kapag nasa bakuran at lagyan ang mga ito ng maikling tali sa paglakad-lakad. Kung alam mo na may nakitang kayote sa inyong lugar, pag-isipan ang pansamantalang pagbago sa iskedyul ng iyong paglakad-lakad o ruta.

### ANO ANG MANGYAYARI KUNG PINAPAKAIN KO ANG MGA KAYOTE?

Huwag na huwag pakainin o mag-iwan ng pagkain para sa isang kayote. Bilang napakatalinong mga hayop, mapapansin nilang pinapakain sila ng mga tao. Magbubunga lamang ito na magpabalik-balik sila sa lugar, posibleng magpapakita ng naiibang mga asal tungo sa mga tao.

## PAGPAPANATILI SA MGA KAYOTE NA MALAYO MULA SA IYONG PROPERTY

Ang mga kayote ay hindi itinuturing na malaking panganib sa mga tao, ngunit ang makakita nito sa iyong property o sa paglalakad ay maaaring nakakatakot. May mga hakbang na magagawa natin upang mapanatiling malayo ang mga kayote mula sa ating mga likod-bahay at kapitbahayan.

- Tanggalin ang lahat ng pinagmumulan ng pagkain mula sa iyong property, hal. mga hardin ng nalanta nang mga gulay, butil na pagkain ng ibon, maruming mga barbekyu, mga pagkain ng alagang hayop, atbp.
- Isara ang mga puwang sa mga bakuran at sa ilalim ng mga deck at kubo.
- Huwag na huwag iwanang mag-isa ang mga alagang hayop.
- Gawin ang hazing o pagpapaalis sa kayote sa iyong property upang mahadlangan ang presensya ng mga kayote.